# Prologue

Making love had never felt like this before.

Paulit-ulit niyang tinawag ang pangalan ng dalaga habang madiin itong inaangkin. He could swear no one before her was softer, warmer, or more beautiful. No one felt better than this. Ever.

Dumiin ang yakap ng babae at naramdaman niya ang mga kuko nitong bumaon sa balat niya. Mabuti na lang hindi iyon ganoon kahaba kaya hindi ganoon kasakit. But he didn't care. She could drew all his blood and he wouldn't care.

"God, Warren…" she moaned. Muntik na siyang mag-come agad sa sobrang sexy ng tunog niyon.

Goodness, this woman was driving him crazy!

He fused his mouth to hers and kissed her deeply as they both moved to reach the pinnacle. She screamed when she got there; her internal muscles tightening around him. And all his self-control broke

free. "Goddamn… F*ck!" He came with a mighty roar on his lips.

Nanginginig ang mga kalamnan na ibinagsak ni Warren ang mukha sa leeg ng kaniig habang hinihintay na matapos ang pagragasa ng mga sensasyon.

Hindi niya alam kung ilang sandali ang lumipas na nanatili lang sila sa ganoong posisyon; magkayakap, dinadama ang tibok ng puso ng isa't isa… basking in the glory of their lovemaking and in the presence of each other.

Naramdaman niya ang mabining haplos ng dalaga sa kanyang buhok. At hindi niya alam kung bakit parang gusto niyang maluha.

Kumilos siya para makalipat sa tabi ng babae at maialis ang bigat niya sa ibabaw nito. He opened his eyes and met her beautiful face.

She was staring at him with that soft look in her eyes and his throat felt constricted from the rush of emotions. Hindi pa niya naranasang makadama ng ganito kakomplikadong damdamin at parang may pumisil nang madiin sa kanyang puso dahil sa namumuong konklusyon sa isip niya.

Itinaas niya ang isang kamay at mabagal na hinaplos ang pisngi ng babae. "I want to love you honestly." Nakita ni Warren ang gulat at lito sa mukha nito. "Please. Set me free from this spell."

Nagdaan ang sakit sa mga mata ng katabi bago tumalim ang tingin niyon. Itinulak siya nito saka bumalikwas ng bangon.

Inabot ni Warren ang kamay ng dalaga. "Please don't leave..." He probably sounded desperate, because he was.

Pero parang walang pakialam ang babae sa desperasyon niya. "Gago ka!" nanginginig sa galit na sambit nito. Matalim ang mga mata ng kanyang kausap, pero bumukal ang luha mula roon. She angrily wiped it away. "Magbabanyo ako. Ayoko nang makita ka pagbalik ko. Get out of my house. Ayoko nang makita 'yang pagmumukha mo."

Madidiin ang pagbigkas nito, parang pinipigilan lang ang sariling sapakin siya. Pagkatapos, padabog siya nitong iniwan sa kamang kani-kanina lang ay nakasaksi ng pagmamahalan nila.

O pagmamahalan nga ba talaga iyon? Kumokontra ang isip ni Warren. Manipulated emotions couldn't be real.

But he could swear his heart had never felt this broken before.

# Chapter One

"I'm sorry, Warren," mahinang sabi ni Bea.

Malungkot lang siyang tumango at pinanood ang babaeng ex-girlfriend na niya ngayon, na lumakad papasok ng bahay nito.

Kinawayan siya ng dalaga bago isinara ang pinto ng apartment nito.

Napabuntong-hininga si Warren habang tinutungo ang kanyang kotse. Mabigat ang mga paa niya, ang mga balikat… ang buong pakiramdam.

Pang-anim na niyang ex si Bea. Nawawalan na siya ng pag-asa na makakapag-asawa pa siya kahit kailan.

Naramdaman niyang nag-vibrate ang cell phone na nasa bulsa ng kanyang maong pants. Mukhang nabasa na nito sa wakas ang text niya kanina na tawagan siya nito dahil kailangan niya ng kausap.

Sinagot ni Warren ang tawag. "Hello, Ian."

"O, bakit? Ba't ganyan ang boses mo, par?" untag ng kausap sa kabilang linya.

He sighed. "Wala na kami ni Bea. Single na naman ako. Na naman, p*tangina."

Ang walang kuwenta naman niyang kaibigan, tumawa pa. At ang lakas, ah! "Shit, par!"

"Salamat sa simpatya. Grabe, na-touch ako," sarkastikong saad ni Warren. Lumulan siya sa kanyang kotse at malakas na hinila ang pinto pasara.

"Sorry naman, di ko lang mapigil. Ano ba ulit kasi'ng ginawa mo?"

Napakamot siya sa ulo. "Wala! May nakilala lang siyang ibang lalaki at na-realize niyang hindi pala niya ako mahal. P*tanginang 'yan, six times na 'tong nangyari! Gusto ko nang maniwalang may sumumpa sa akin."

Natigil bigla ang pagtawa ni Ian. "Oh," sambit nito na parang may naalala.

"Ba't natahimik ka?" untag niya.

"Shit, Warren!" Nahimigan niyang may mali sa tono ng kaibigan.

"Bakit? Ano 'yun?" litong untag niya. Kinabahan din siya.

Tumikhim ang kausap at pa-suspense na itinanong, "Naalala mo pa ba si Socorro Magaspac?"

Nangunot ang noo niya. "Huh?"

"Si Socorro Magaspac."

Inulit-ulit niya ang pangalan habang litong hinalukay niya ang memorya. Parang pamilyar ang pangalan, pero hindi niya maalala kung sino ito. Ex ba niya? Pero kabisado naman niya ang pangalan ng mga dati niyang nobya.

"Sino 'yun?" pagsuko na niya sa wakas.

"'Yung weird na classmate natin n'ung elementary. 'Yung parati mong kaaway. Naalala mo, sinumpa ka niya n'ung grade four tayo?"

Napatitig lang siya sa bahay ni Bea sa harap niya habang inaalala ang sinabi ng kausap na classmate nila.

Tahimik sa parteng iyon ng village ng dating nobya at bibihira ang dumadaang mga sasakyan.

"'Yung maputi, kulot ang buhok na sobrang kapal, pati kilay niya makapal 'tapos… galisin?" Nahimigan niya ang pagngiti ng kaibigan sa huling salita. "'Yung nagdala ng pet niyang raven 'tapos friend niya rin 'yung itim na pusang pagala-gala sa canteen."

Napapalo si Warren sa manibela pagdating ng alaala sa kanya. "'Yung nagdala minsan ng garapon na may lamang puso raw ng tao? Oh... si Coco! Naalala ko na!"

"Siya nga!" turan nito. "'Yung weirdo na 'yun na ang laki ng crush sa 'yo."

Namilog ang kanyang mga mata. "May crush

siya sa akin?"

"Oo! Kaya nga nagalit n'ung si Brittany ang pinili mong maging muse. 'Tapos, n'ung sinabi 'yun sa 'yo nina Melvin, pinagtawanan mo lang."

"Because it's incredulous! Ang sungit-sungit niya. Parang galit sa mundo. Parating nakaangil kapag kinakausap ako, parang suyang-suya sa pagkatao ko."

"Kaya ka nga sinumpa ni Socorro dahil natawa ka n'ung sabihin sa 'yo nina Melvin na may crush siya sa 'yo! Nainsulto siya. Ano ka ba, nagka-selective amnesia?" mariing tanong ni Ian.

Naalala na nga niya yata. "Totoong nagka-crush siya sa akin?" Ang weird namang magka-crush ng babaeng iyon. Ni hindi niya maalalang nginitian man lang siya niyon kahit minsan.

"Parati kaya siyang nakatitig sa 'yo noon. Napagalitan pa nga siya dati n'ung teacher natin sa Math kasi imbis na sa teacher, sa 'yo nakatutok ang mga mata niya."

"Masama naman ang tingin! Parang gusto 'kong ipatuka sa raven niya. Hindi siguro ako crush n'un," kontra ni Warren. "But are you saying na may bisa 'yung sumpa niya noon sa akin? 'Yung lahat ng mamahalin ko, magmamahal ng iba at tatanda akong mag-isa?"

"Uh-huh. Buti, naalala mo pa. At parang totoo

naman, di ba? Six times ka nang iniwan ng mga naging girlfriend mo at ipinagpalit sa iba."

Umiling si Warren; hindi pa rin makapaniwala. "Grade four lang tayo. Ang babata pa natin n'un, imposible namang marunong na siyang mangkulam… kung totoo ngang kaya niyang gawin iyon."

"Ay naku, di mo ba alam na may bali-balitang mangbabarang ang lola ng babaeng 'yun? Malay natin kung tinuruan din siyang mangkulam. Par, kailangan mong hanapin si Socorro. Baka may paraan para ma-break ang spell."

Napatitig lang siya sa kalsadang nasa kanyang harapan. Sa isip ay naroon ang isang batang babaeng may itim na itim at mahabang buhok, makapal ang mga kilay na madalas magkasalubong, medyo malaking bibig, itim na mga matang matalim tumingin…

Pinanindigan siya ng balahibo sa ideyang makikita niya ito ulit.

"Siquijor?" bulalas ni Warren. Namilog din ang mga mata niya habang nakatitig sa screen ng kanyang laptop kung saan naka-display sa screen ang profile ni Socorro Magaspac sa *Facebook*. "Taga-Siquijor siya?"

Mukhang may kawirduhan pa ring taglay ang

dating kaklase dahil hindi gaya sa ‘normal’ na *Facebook* wall ng iba, walang selfie na naka-post doon. Wala ito halos picture doon; kung mayroon man, mata lang ang kita rito, o kaya labi, o kaya paa. Pero sigurado naman siyang ito nga iyong Socorro Magaspac na classmate niya dati dahil bukod sa nakasulat sa profile nito kung saan ito nag-elementary at sa ilang kaklase niyang *friend* din nito, kilala rin niya ang mga mata nitong ilang beses niyang nahuling nakatitig sa kanya nang masama at ang mga labi nitong sexy pala—na noong bata siya at hindi pa uso ang pouty lips, makapal ang tawag niya roon.

“Warren?” tawag ng landlady niya mula sa first floor ng bahay. Inuupahan niya rito ang second floor. “Ano ’yan?”

Napakamot siya sa noo. Awtomatiko yata talagang sumasagot ang kasera niya kapag napapalakas ang boses niya.

Mula nang mag-asawang muli ang kanyang ina noong college si Warren, dito na siya nangungupahan sa second story ng bahay ng babae. Ngayong co-owner siya ng isang maliit na negosyo, dito pa rin siya nakatira.

Halos sitenta na ang edad ng balo, pero malinaw pa rin ang pandinig nito lalo na pagdating sa boses niya.

"Wala po, Mrs. B, nagulat lang po sa binabasa ko," paliwanag niya agad.

Kung hindi kasi siya sasagot agad, aakyat pa ito para mag-usisa. Though he appreciated the effort, ayaw naman niyang mahirapan pa ang sixty-eight-year-old na babae sa pag-akyat sa hagdanan patungo sa kinaroroonan niya.

Ibinulong na lang niya ang reaksyon sa mga nakikita. "Shit! Tama nga yata 'yung theory ni Ian."

Hindi pa siya nakarating sa nabanggit na lugar at wala pa siyang nakilalang tagaroon maliban kay Socorro noong bata pa sila, so mali rin namang mag-isip siya nang masama ukol sa lugar at maniwala na lang sa sabi-sabi tungkol sa Siquijor.

Hindi pa rin buong naniniwala si Warren na nasumpa nga siya, pero siguro wala namang masama kung makikipagkasundo siya sa kaklaseng nasaktan niya dati.

Pero aaminin niyang natatakot siya.

"Kumain ka na ba?"

Tumalon yata ang puso ng binata sa gulat nang may biglang nagsalita sa tagiliran niya. Napabulalas siya ng "Ay, mangkukulam ka!" nang makita ang babaeng nakaputing pantulog na may puting-puti ring mukha.

"Ay, maryosep Divisoria!" malakas na sigaw rin ng kasera; nataranta rin yata. "Ano ba! Bakit ka ba

nanggugulat?" asik nito.

"Sorry po, hindi ko kasi kayo narinig na umakyat ng hagdanan." Kinabahan siya para rito dahil kipkip nito ang dibdib. Inabot niya ang braso nito at inalalayan itong maupo sa tabi niya sa sofa. "Saka bakit para kayong nasubsob sa harina?"

Kinalma nito ang sarili habang iniirapan siya. "Collagen mask 'to. Padala ni Mary, pampabawas daw ng wrinkles ko," tukoy nito sa anak na nakabase na sa London.

Sinupil niya ang ngiti at ang udyok na tuksuhin ito.

"Ano ga'ng binabasa mo at parang naging matatakutin ka?" sambit nito.

He smiled. Isinara niya ang laptop at itinuon ang buong atensyon dito. "Mrs. B, nakarating ka na po ba sa Siquijor?"

Namilog ang mga mata ng balo. Mukhang marami itong ikukuwento. Habang nakikinig, bumalik si Warren sa pakiramdam noong eight years old lang siya at kinukuwentuhan ng sarili niyang lola.

Isang linggo pagkatapos, nakapag-file na ng leave si Warren sa sarili niyang kompanya at nagbibiyahe na patungong Dumaguete Pier kung saan siya sasakay ng Fast Craft patungong Siquijor.

Sa loob ng nakalipas na mga araw, marami na siyang nabasa tungkol sa nabanggit na probinsya. Nasa parteng Visayas ito, sa ibaba ng Cebu at may land area na three hundred plus square kilometers at may populasyon na mas kaunti pa raw kaysa sa populasyon sa Payatas. Marami umanong magagandang lugar doon na dinarayo ng mga turista.

Hindi niya alam kung alin ang paniniwalaan sa mga online sites na binisita niya. May nagsasabing totoong may mga mangbabarang sa Siquijor, mayroon namang nagsabing kuwento-kuwento lang ang mga iyon. Pero parehong sinabi ng mga ito na mystical ang isla, tahimik at zero ang crime rate.

Kinakabahan tuloy si Warren. Pero okay na rin kasi napadasal siya dahil sa takot niya. Sa buong buhay niya, iilang beses lang yata niyang nagawang tumawag sa Diyos. At least, nailapit siya ng sitwasyon sa Maykapal kahit sandali lang.

Maaliwalas ang langit, payapa ang dagat nang magbiyahe ang Fast Craft na sinakyan niya. May kaunting kasiyahan pa roon dahil eksaktong may mga dolphins na nakisabay sa kanila noong naglalayag sila. Bihira raw iyon.

Hindi gaanong matao sa Siquijor Pier, di gaya sa ibang pier na napuntahan niya. Nabasa niya rin sa Internet kung saan siya sasakay ng tricycle para maghatid sa kanya sa isang resort sa San Luis. Doon

siya mananatili nang tatlong araw.

Malapit din iyon sa address ni Socorro Magaspac na katakot-takot na hacking, convincing and bribing skills ang kinailangan para malaman niya. Hindi kasi agad naniwala si Krissy—isang dati rin niyang kaklase—na wala siyang masamang motibo sa paghahanap sa best friend nito sa Siquijor.

Anyway, heto na siya. Nilapitan niya ang isang tricycle at binanggit sa driver ang pangalan ng resort na pupuntahan niya.

Ngumiti ang kausap na medyo may-edad na at may sinabing hindi niya naintindihan.

"Ah, Tagalog lang po. Di po ako nakakaintindi ng Bisaya. Sorry po," sambit niya.

May sinabi ulit ito, medyo mahaba pero 'resort' ang naintindihan niya.

Tumango na lang si Warren. "Okay po." Itinaas pa niya ang isang kamay para magbigay ng thumbs-up.

Ngumiti nang maliit ang matanda, at ewan kung bakit kinabahan siya. Masyado lang siguro siyang nerbyoso.

Sumakay na siya sa tricycle at mayamaya ay nagsimula silang magbiyahe. Nadaanan nila ang isang lumang simbahan, malalapad na daan na halos walang laman, mga kalsadang lupa, maraming puno at wala siyang tigil sa kakukuha ng pictures gamit ang kanyang cell phone.

Mayamaya, na-realize ni Warren na masyado nang matagal silang nagbibiyahe samantalang sinabi sa Internet, wala pang treinta minutos ang papunta sa resort. Saan ba siya dadalhin ng tricycle driver?

"Manong?" tawag niya, medyo malakas dahil maingay ang motor nito. "Malayo pa po ba 'yung *Salamangka Beach Resort*?" kinabahang tanong niya.

Sumagot ito pero medyo mahina at parang hindi rin Tagalog.

"Ah… okay," sabi na lang niya. Baka naman nagkamali lang siya ng tantya sa oras. O kaya mali iyong estimated travel time na nakalagay sa Internet.

Ilang minuto pa, nagbibiyahe pa rin sila. Nagtanong ulit siya. "Manong, alam n'yo po ba 'yung pupuntahan natin?"

"Oo."

Inabangan niya kung may paliwanag pa itong idadagdag, pero iyon lang talaga ang sinabi nito. Kinakabahang naghintay lang siya.

Isang matandang babae na may puting-puti at hanggang binti yatang buhok ang tumawid sa daanan nila kaya saglit silang huminto. Sobrang nakakuba na ang likod nito at mabagal ang hakbang dahil siguro sa edad.

"Oh, my God," napapikit na sambit ng binata. Baka nasa sandaan na ang edad ng isang iyon, bakit buhay pa? Hindi kaya mangkukulam? Para itong

IRL version ng witch na nagbigay kay *Snow White* ng mansanas na may lason.

*Lord, iligtas Mo po ako…*

"Wow!" mahaba at mabagal na sambit ni Warren nang makita ang tatlong level ng waterfalls na may umaagos na malinis na tubig.

"Alis na 'ko," sagot ni Manong Driver. Naituro na nito sa kanya kung saan siya puwedeng sumakay ng tricycle pabalik sa resort mamaya kapag nagsawa na siyang mag-swimming.

"Thank you ulit, Manong," sinserong turan niya.

Ngumiti ang lalaki. Ngayong hindi na siya nabubulagan ng takot, napansin na niyang sinsero iyon. Tumango ito at tumalikod na.

Matapos maibaba ang mga gamit at makapagpalit ng damit, dinala siya ni Manong Driver—na Richard pala ang pangalan—sa *Cambugahay Falls* bilang apology sa takot na naibigay nito sa kanya sa mahaba nilang biyahe. Gusto lang pala nitong makita niya iyong isa pang resort doon kaya napalayo sila, para raw maikumpara niya. Pinaliwanag naman niya na may sadya siya roon kaya doon talaga siya sa *Salamangka* mag-i-stay.

Nabura niyon ang pangit na mga kaisipan niya ukol sa lugar at sa mga tao roon. Mababait naman

pala ang mga tagaroon.

Mula sa highway, bumaba lang si Warren sa mabatong daan plus maiksing trek at bumulaga na sa kanya ang falls kung saan dumadaloy ang malinaw na tubig na galing sa mga springs. Mangilan-ngilan ang tao roon, siguro dahil alas cinco na ng hapon at mayamaya lang ay magdidilim na.

Nilingon niya ang isang grupo ng kabataang lalaki na nagkakasiyahan sa pinakamataas na level ng falls at isa-isang naglalambitin sa baging at nagpapatihulog sa tubig. Sa pangalawang level, siya lang mag-isa ang tao.

Hinubad niya ang suot na t-shirt at isinabit iyon sa isang sanga. Iyong sandals naman niya ay puwedeng pangtubig kaya hindi na niya inalis. Maingat na bumaba siya sa isang parte ng batis at lumangoy. He sighed in delight.

Malamig ang tubig at masarap sa balat. Para rin siyang minamasahe ng alon na tumatama sa likod niya. Pumuwesto siya sa gilid at isinandal ang likod sa bato at pumikit. He let out a happy sigh. Ang sarap ng buhay na ganito lang—tahimik, walang stress.

Mukhang nage-gets na niya kung bakit may kaibang reputasyon ang lugar na ito. It was beautiful, quiet and mystical. It was enchanting.

And speaking of enchanting, isang enchanting na babae ang biglang lumabas mula sa waterfalls.

Graceful ang mga galaw na lumangoy ito patungo sa isang gilid ng batis.

Ilang beses siyang kumurap para siguruhing hindi siya namamalikmata lang. Pero totoo nga, isang napakagandang babae ang naroon.

Parang kumikinang sa puti ang balat nito, contrast sa buhok nitong sobrang itim. Nakasuot ito ng itim na pang-itaas na may spaghetti straps. Nakahakab iyon sa tayung-tayo nitong dibdib na sakto lang ang laki. Nang umahon ang babae, napansin din niya ang maliit nitong baywang at nakakatakam na kurba ng balakang at likuran. Muntik na rin siyang masilaw sa puti ng mahuhubog at mahahaba nitong hita. The woman had a body made for hedonistic fantasies.

"F*ck!" sambit ni Warren, ramdam ang pag-iiba ng temperatura ng kanyang katawan.

Mahina lang naman ang boses niya, pero parang narinig iyon ng babae na napalingon sa kanya.

And my goodness, her face! She looked like a cross between an angel and a nymph.

Kusang bumuka ang bibig niya habang nakatingin sa mukha nitong napatuon din sa kanya. Inosente ang emosyon sa mga mata nito, pero parang nang-aakit naman ang mga labi.

Naramdaman niyang tila nagwala ang kanyang puso. Bigla ang bugso ng init at dugo sa bawat

himaymay niya. At isa lang ang sinasabi ng lahat ng organs sa katawan niya: *I want that woman. Now.*

Nabigla siya sa intensity at urgency sa kaisipang iyon. Pero kaagad niyang naalala kung nasaan siya at kung ano ang reputasyon niyon.

Pabalikwas siyang umahon sa tubig, dinampot ang t-shirt saka parang hinahabol ng demonyo na nilisan ang lugar.

P*ta, di siguro maniniwala si Ian kapag sinabi niyang pinagpakitaan siya ng diwata ng talon.

# Chapter Two

Nagtatakang pinanood ni Socorro 'Coco' Magaspac ang lalaking patakbong umaalis ng talon.

Paahon na siya nang maramdaman niyang parang may nakatingin sa kanya, kaya lumingon siya at nahuli niya nga itong nakatitig sa kanya na parang hindi makapaniwala. Sapo pa nito ang dibdib sa tapat ng puso.

Iniisip na niyang nabighani ito sa ganda niya nang bigla itong natauhan at nagtatakbo.

"Ano'ng problema n'un?" kunot-noong sabi ni Coco. Kung makatakbo ang estranghero, aakalain ng makakakita na maligno ang nakita nito at hindi siya. Nainis tuloy siya. "Haller, ang ganda ko namang maligno," ismid ni Coco.

Itinuloy na niya ang pagtutuyo ng sarili at dahil wala namang comfort room doon kung saan

siya puwedeng magpalit, ipinatong lang niya ang maluwag na t-shirt sa sarili. Inipit niya ng shok-shok ang basang buhok saka binitbit ang maliit na knapsack na tanging dala niya nang magtungo roon.

Nakagawian na niyang magtungo sa falls na iyon sa hapon pagkatapos ng kanyang trabaho bago umuwi sa bahay niya. Walang masyadong tao kapag ganoong oras kaya mas gusto niya.

Pagkagaling sa falls, sumakay siya sa kanyang scooter at nagtungo naman sa paborito niyang kapehan.

Iyon ang advantage sa maliit nilang isla, ilang minuto lang na biyahe at mararating niya na ang gusto niyang puntahan. Sa liit ng buong Siquijor, maiikot ang palibot nito sa loob lang ng humigit-kumulang isang oras. At maganda ang paligid, malinis ang hangin hindi gaya sa Maynila, kung saan siya lumaki at namuhay nang ilang taon.

Pagdating sa maliit na coffee shop, nag-park si Coco ng motor sa harap niyon at pumasok na. Napakunot-noo siya nang makitang agad hinawi ni Bruce ang tauhan nitong nakatao sa kaha pagkakita sa kanya.

"Hi, baby," bati nito.

Nakataas ang kilay na pinagmasdan niya ang lalaki. Nakangisi pa ito sa kanya, with matching pa-cute ng mga mata. Dahil masyadong malaki at

matigas ang katawan nito at halos ganoon din katigas ang mukha, hindi bagay sa lalaki ang pagpapa-cute.

Ito ang mismong may-ari ng isa sa pinakabago at pinakahindi-crowded na café sa lugar nila. At madalas, palakad-lakad lang ito roon o kaya ay sa opisina lang nananatili. Puwera na lang kapag nandoon siya. Pagkaganoon, pupuwesto ito sa harap niya, bitbit ang sandamukal nitong kakornihan.

Wala sanang problema kung corny lang ito; ang nakakainis ay iyong angas nito, iyong sobra-sobrang bilib sa quote-unquote kaguwapuhan nito—na kung siya ay tatanungin ay kuwestiyunable pa nga ang existence.

Kung di ba naman bastos, basta na lang hinawi iyong cashier para lang makapagpa-cute sa kanya!

"So would you like some coffee, tea… or me?"

"Coffee. Definitely coffee," mabilis niyang sagot, sabay tingala sa menu na nakasulat sa itaas ng counter. "Venti caramel macchiato, to go."

Nabura ang ngiti ni Bruce at naglungkot-lungkutan. "Coco naman…"

"I'm sorry. Medyo giniginaw na ako kaya puwedeng pakidalian?" Pinalambot niya nang kaunti ang boses, pambawi sa kasungitan.

Bumuntong-hininga ang lalaki at tinawag ang tauhan nito para ayusin na ang order niya. Nagpapalit na rin ito bilang cashier at isang babae na ang

kumuha ng kanyang bayad. Medyo nakonsyensya naman siya.

Inaamin niyang medyo suplada siya, pero hindi masama ang ugali niya. Kung hindi siguro siya nainis kanina sa talon noong magtatakbo iyong guwapo—yes, napansin niya iyon—na lalaki, baka nakaya naman niyang paalpasin na lang ang kakornihan nitong si Bruce. Sanay na rin kasi siya roon. Kasalanan talaga ng walanghiyang sinuman iyon ang sirang mood niya.

Matapos matanggap ang kanyang order, nagbiyahe na siya ulit pabalik sa bahay niya.

Kumpara sa iba, mas malaki ang bahay ni Coco. Two years ago ay nabili niya ang lote mula sa isang kamag-anak, gamit ang minanang pera mula sa namayapang ina. Pinatayuan niya iyon ng bahay na mas malaki at mas kitang-kita dahil sa pintura nitong puti at itim. Sa ngayon, na-enjoy na niya ang bago niyang buhay—tahimik at simple.

Ibinaba niya ang mga gamit sa sofa saka tinungo ang maliit niyang kitchen garden sa likod-bahay. Nanguha siya ng pulang sibuyas, isang dahon ng parsley, pipino at cherry tomatoes saka pumasok muli sa bahay. Iyon ang dinner niya.

Iyon ang isang advantage ng may taniman, sigurado siyang fresh lahat ng ingredients na gagamitin niya at walang pesticide.

Magsa-salad siya ngayong gabi, katerno ng ipapan grill niyang pork chop. Tamang-tama, may tira pa siyang red wine.

*Kulang na lang guwapong boyfriend,* parang narinig niyang sabi ng kanyang lola sa isip niya. Bukambibig nito noon na dapat na siyang maghanap ng magiging nobyo.

May pitong buwan na rin mula noong namayapa ito at hanggang ngayon, nami-miss pa rin niya si Lola Calixta. Dahil parehong abala sa kani-kanilang mga negosyo ang mga magulang niya, ang kanyang lola ang parati niyang kasama noong lumalaki siya. Ito ang nagkukuwento ng kung anu-anong alamat bago siya matulog, ang nagtu-tutor kapag mayroon siyang hindi maintindihan sa lessons nila sa school, ang iniyakan niya noong ma-reject siya ng una niyang crush… ang nagturo ng halos lahat ng alam niya sa buhay.

Ito rin ang nakaimpluwensya sa kanya kaya siya phytochemist ngayon. Herbalist kasi ito noon.

She smiled at the old woman's memory. "Paano naman ako magkaka-boyfriend, 'La, eh, ang ganda ng reputasyon mo dito sa lugar n'yo? 'Tapos, pati ako pinagtsitsismisan. Lahat ng lalaki, takot yata sa akin. Isa lang ang malakas ang loob, si Bruce pa na hindi ko naman gusto. Magpapakatandang dalaga na lang siguro ako."

Parang narinig niya sa hangin ang masiglang tawa ng kanyang namayapang lola. At napangiti rin si Coco kahit habang naghihiwa ng sibuyas.

Maagang gumising si Warren nang umagang iyon. Nasorpresa pa siya nang ma-realize na payapa ang tulog niya. May mga nabasa kasi siya noon sa Internet tungkol sa haunted hotels sa probinsyang iyon. Hindi talaga magandang basta-basta na lang nagpapaniwala sa mga tsismis.

Nag-inat-inat siya habang nag-iisip tungkol sa pagtungo niya sa bahay ni Socorro Magaspac. Ilang araw lang siya sa lugar na ito at kailangan niyang bilis-bilisan ang kilos.

Naligo siya, nag-almusal sa hotel bago pumara ng tricycle.

"Kuya, sa address na ito." Inabot niya sa driver ang isang piraso ng papel na sinulatan niya ng detalye galing sa best friend ni Socorro.

Nakita niyang nangunot ang noo ng driver. "Sigurado ka, *bai*?" Halata ang magkahalong gulat at sindak sa mukha nito.

Tiningnan niya ulit ang papel at binasa nang malakas ang nakasulat na address doon. "Tama naman po."

"'Yan 'yung kulay puti at itim na bahay na malaki."

Nasabi nga sa kanya ni Krissy na ganoon ang bahay ng kaibigan nito. Nakarating na rin kasi roon ang kanyang kaklase. "'Yun nga po."

"Sus, ginoo!" May sinabi pa ito sa Bisaya kasabay ng pag-antanda. Ang nahagip lang niyang salita ay 'mangkukulam'.

Kinilabutan siya pero hindi nagpahalata. Mukhang tama nga yata ang sinabi ni Ian.

Palihim siyang lumunok bago sumagot. "D'un nga po."

Ilang sandaling pinagmasdan siya ng driver bago siya nito tinanguan. "Okay."

Sumakay na siya at tatlong minuto lang yata ay naroon na siya sa harap ng malaking bahay. Nagbayad siya ng pamasahe saka bumaba ng tricycle.

"Pasensya ka na sa akin. Dito kasi sa amin, simple lang ang buhay. May sabi-sabi na mga mangbabarang at mangkukulam lang ang yumayaman dito. Kaya kapag ganyan kalaki ang bahay, iniisip ng mga tao na isa sa dalawa ang may-ari. Pero tsismis lang naman 'yun."

Nangunot ang kanyang noo. Ang judgemental naman yata ng ganoong kaisipan, pero hindi na siya nagkomento. Siya man ay guilty roon. "Salamat po sa impormasyon."

"Ingat ka, *bai*. God bless you," anang driver bago siya iniwan.

Nangingiting kinawayan niya ito. Pagkatapos, lumingon siya sa malaking bahay.

Puti ang kulay niyon at maliban sa bubong, window at door frames, porch railings, bakod na kahoy. Two-storey iyon at gawa sa semento, glass, at dark wood. Moderno ang istilo niyon at mukhang tipid sa kuryente dahil pumapasok ang liwanag mula sa malalaking bintana at ilang parte ng pader na gawa sa salamin. Napakaaliwalas. At hindi iyon ang inaasahan niyang malaking lumang bahay na puwedeng maging shooting location ng horror films dahil creepy at mukhang haunted.

If anything, he thought it looked beautiful. Parang kagaya sa mga bahay sa mga exclusive subdivisions. Puwede iyong ilagay sa brochures ng mga nagbebenta ng bahay at lupa. Lumapit siya sa gate na parang maninipis na tablang hinilera pa-horizontal, na may mga pagitang ilang daling espasyo kada tabla.

Natagpuan niya ang doorbell at pinindot iyon. Matapos ang 2.3 seconds, muli siyang pumindot. Tatlong magkakasunod agad.

May sinabing kung ano ang babae sa loob ng bahay na parang katumbas ng 'Sandali lang!' sa Bisaya.

Mayamaya, naringgan na niyang binubuksan ang lock ng pinto. Humugot siya ng hangin at bumuga

saka nagpaskil ng certified effective na makatunaw-thong na ngiti sa labi.

Pero agad din iyong nabura nang bumukas ang pinto at lumabas ang isang pagkaputi-puting babaeng may itim na itim na hanggang baywang na buhok na parang basa pa. Simpleng t-shirt at shorts ang suot nito, pero bakas na bakas ang mga kurbadang nagpainit sa kanya.

Kusang bumuka ang bibig ni Warren. Shit! Hindi siya puwedeng magkamali, ito iyong 'diwata ng batis' na nakita niya kahapon!

P*ta, naengkanto nga yata siya.

Gusto niyang tumakbo pero ayaw namang gumalaw ng kanyang mga paa.

Nakakunot-noo ang babae nang makalapit at buksan ang gate, pero ang amo pa rin ng mukha. Nagsalita ito sa Bisaya. Na siyempre hindi niya naintindihan.

Napakurap siya nang ma-realize na totoong tao ang kaharap niya at hindi diwata. Na masyado lang itong nakakabighani kaya ganoon ang epekto sa kanya.

He cleared his throat and gave out his best smile while staring at her eyes. Wish niya lang gumana ang pamatay na kombinasyong iyon, gaya sa di na mabilang na babaeng pinakitaan niya niyon.

Pero hindi nag-blush ang kaharap, hindi

kumislap ang mga mata, hindi ngumiti, hindi parang nahihiyang nag-iwas ng mga mata, hindi rin natulala. Ni hindi kumurap!

Medyo nag-worry ang binata. Mayroon palang babaeng immune sa ngiti at titig combination niya?

Muli siyang tumikhim. "Sorry. I thought God just gave me a gift of vision because I sure can see an angel now."

Tumaas ang isang kilay nito at may ibinulong sa sarili na hindi niya naintindihan. Nabaduyan yata sa talaga namang baduy na pickup line na napulot niya lang sa Internent.

"You need anything?" Nag-English na ito sa wakas.

Semi-nanlumo si Warren. Wala talagang talab ang charm niya. Dahil yata nagkakaedad na siya. Hmm... hayaan na nga.

"I'm looking for Miss Socorro Magaspac. Dito ba siya nakatira?"

Kumunot ang noo ng babae. "Who are you? What do you need?"

"I'm Warren  Benitez, classmate niya n'ung elementary."

Umawang ang mga labi ng babae sa gulat at sandaling natulala. Nang matauhan, nagsalubong lalo ang mga kilay nito.

Sa gulat niya, bigla nitong isinara ang gate sa

mukha niya.

*What the heck?*

"What the actual f*ck?" sambit ni Coco habang nakasandal sa gate na isinara at nakasapo ang isang kamay sa dibdib na tila dumadagundong sa lakas ng kabog. "Is it really him?" bulong niya.

Him, being her first and only crush. Ang guwapo pa rin nito! Pero hindi gaya noon na boyish ang ka-cute-an nitong mala-young Korean star. Ngayon ay ang manly na ng kaguwapuhan ni Warren—bagay sa tangkad nito, sa matikas na katawan, sa morenong balat at mababang boses.

Shit, he looked hot, as in puwedeng-model-ng-underwear hot!

Napapitlag siya nang kumatok ito sa tabla ng bakod na nakatapat sa kanyang ulo.

"Uhm... Miss?" tawag nito. "Galing pa akong Maynila. Puwede ko ba siyang makausap? Importante lang."

Saka na-realize ni Coco na hindi siya nakilala ng dating kaklase. Sabagay, ang layo nga naman ng hitsura niya ngayon kumpara sa anyo niya noong elementary.

Pagkaalala kung paano siya kinutya nito—at ng mga kaibigan nito—noon, umahon ang ngitngit niya para rito.

Bigla niya itong pinagbuksan saka buong-sungit na umasik. “You self-centered, heartless pig, ano’ng kailangan mo sa ’kin?”

Halatang nabigla ito at ilang sandaling natulala. “I-ikaw s-si… Socorro?” Mabagal at puno ng pag-aalangan ang boses nito.

“Oo, bakit?” Pasinghal pa rin ang tono niya, sabay pamaywang.

Gumapang ang tingin nito mula sa mukha niya pababa sa dibdib, pababa pa…

“Oy! Eyes up here!” singhal ng dalaga.

Agad naman itong sumunod pero pasimpleng lumunok. “Goodness, you look… different.”

Sa paraan nito ng pagtitig sa kanya, parang may ibang mas magandang adjective itong gustong gamitin bago nagdalawang-isip at pinalitan na lang ng ‘different.’ Natakot sigurong masampal ni Coco.

“Yep, hindi na ako galisin, kutohin at mukhang bruha di gaya noon. Mabait kasi akong bata at hindi bully kaya binigyan ako ng reward ng panahon,” parinig niya rito.

His cheeks reddened. And my gulay, how could this big man look cute?

“I apologize sa lahat ng mga ginawa at sinabi ko sa ’yo noon. I hope puwede mo akong patawarin. Please?”

Sa ganda ng mga mata nitong naninikluhod sa

kanya, bato na lang siya kung hindi siya mapahinuhod. Pero siyempre, ayaw naman ni Coco na palabasin sa lalaki na ganoon siya kabilis mabola. Ano iyon, isang apology lang para na sa lahat ng ginawa nito sa loob ng ilang taon?

"Are you dying?" taas-kilay na usisa niya.

"Ha?" gulat na saad nito.

"Kasi nagpunta ka rito para mag-sorry sa isang nasaktan mo noon. Ganyan ang ginagawa ng mga tao kapag nalalamang may taning na ang buhay nila, di ba?"

Sandaling pinagmasdan siya ng kaharap bago mabagal na ngumiti. At *aigoo*! Ang kneecaps niya, naging *Jelly-Ace* na yata. Nakakatunaw pa rin ng katinuan ang ngiti nito gaya noong mga bata pa sila.

"No, it's not that. Healthy naman ako, sabi sa executive checkup ko last month. Hindi 'yun ang reason sa pagpunta rito."

"Eh, ano nga?"

"Puwede bang pumasok sa bahay n'yo?" sagot nito. "Saka makikiinom na rin."

Napahiya si Coco. Noon lang niya naalalang nasa labas sila ng bahay. Yumuko siya para itago ang pamumula ng mga pisngi habang binubuksan nang mas maluwang ang gate.

"Sorry. Pasok ka."

Sumunod naman ito hanggang sa makapasok

sila sa bahay.

"Upo ka muna." Itinuro niya ang sofa. "Ano'ng gusto mong inumin?"

"Water lang. Thanks." Palingun-lingon ito sa paligid na para bang natutuwa sa bahay.

"Sandali lang, ikuha kita," paalam ni Coco na dumerecho sa kusina at mabilis na gumawa ng veggie burger. Kumuha siya sa refrigerator ng isang bote ng flavored water saka lumabas.

Naabutan niyang nakatingala si Warren sa picture frames na nakapatong sa table sa isang panig ng sala.

"K'ain ka muna," tawag niya.

Humarap ito at ngumiti. "Ang laki talaga ng ipinagbago mo. Sorry kung di kita nakilala agad."

She shrugged. "Salamat sa derma, sa rebond, at sa taga-ahit ng kilay ko."

Bumalik ito sa sofa. "Wow, that looks delicious! Ang bilis mo namang naggawa niyan."

Muli siyang nagkibit ng balikat. "Gawa naman na ito, pinrito ko lang. K'ain ka."

Walang anumang dinampot nga nito ang burger at kumagat. "Mmm..." sambit nito matapos makalunok. "Kakaiba 'yung lasa ng patty."

Saka niya sinabi ang sikreto. "Thanks. Hindi naman lumasa 'yung nilagay kong atay ng pusa, ano?"

Kitang-kita niya kung paano ito natigilan, namilog ang mga mata saka namula. Pagkatapos, parang gusto na nitong isuka ang nalunok na burger.

Tumawa si Coco; ang sarap palang mambuwisit. "Joke! Veggie burger 'yan kaya kakaiba. I used lentils, onions, and cremini mushrooms for the patty. Saka mapait ang atay, hello. Kung nilagyan ko n'un, may pait ka sanang nalasahan."

Mukhang nakumbinsi naman si Warren at kumagat ulit. "Sa totoo lang, nag-breakfast na ako bago pumunta rito. Pero masarap kasi talaga ito. Chef ka ba?"

Na-flatter naman ang mayabang niyang puso. "Hindi. I'm an organic farmer. Mayroon din akong store ng mga medicinal plants at ibang products na galing sa halaman. Which reminds me," aniyang namilog ang mga mata at napatingin sa wall clock, "late na ako sa trabaho."

"Oh, sorry." Mabilis nitong binitawan ang kinakain at tumayo.

Nakonsyensya naman siya. Kaguwapong lalaki para basta na lang niyang paalisin nang hindi nakakausap nang maigi.

"Wait lang, tatawagan ko 'yung assistant ko. Kain ka lang diyan," sambit niya.

Dinampot ni Coco ang cell phone at nagbilin sa empleyada na mayamaya siya darating at ito

muna ang bahala sa mga bibili. Pagkatapos, hinarap niya muli ang lalaking nagpupunas na ng bibig at nakaubos na ng isang burger at isang bote ng tubig.

"So…" simula niya. "Ano nga'ng pakay mo?"

Namula ang mukha nito. "Please, 'wag mo sanang ma-misunderstand."

"Ano ba 'yun?"

"Hindi ako naniniwala, sa totoo lang. Saka mga bata pa tayo n'un, imposible namang marunong ka n'un n'ung ten ka. Pero kasi para talagang totoo…"

"Ang alin?" Sa totoo lang, wala siyang naintindihan sa sinabi ng kausap.

"So huwag mo sanang masamain 'yung paghingi ko ng favor. I swear I don't believe it."

"Ano nga?" Naubusan na siya ng pasensya.

Napakagat sa labi si Warren. "Please don't hate me."

Suspetyosong naningkit ang mga mata ni Coco. "Tell me now."

Huminga ito nang malalim. "Please… alisin mo na 'yung… 'yung s-sumpa mo sa akin n'ung elementary."

"Alin…? Sumpa? Anong sumpa?" Kunot-noong napatitig siya sa kaharap. Nang maintindihan ang sinabi nito, naningkit ang mga mata ni Coco kasabay ng pag-alpas ng mga salita sa kanyang bibig.

# Chapter Three

*"Get the f*ck out of my house, now!"*

Iyon mismo ang sinabi ni Coco kay Warren kaninang umaga.

Walanghiyang lalaking iyon, hanggang ngayon pala, mangkukulam pa rin ang tingin sa kanya kahit ang ganda niya na.

Bumalik sa isip niya iyong nangyari nang araw na iyon noong grade four siya. Napuno na siya sa pambu-bully sa kanya at sinakyan niya ang panunukso ng mga kaklase.

*Uminit ang bumbunan niya nang hayagang sabihin ni Warren na hindi na lang ito mag-e-escort sa parade para sa United Nations Day kung siya rin lang ang partner nito.*

*Napahiya si Coco lalo na nang magtawanan ang kanyang mga kaklase.*

*Aware naman siyang hindi siya magugustuhan ng*

*guwapong kaklase. Sa makinis nitong mukha, singkit na mga mata, matangos na ilong at magandang ngiti, puwede itong gumanap sa Koreanovela bilang batang bida. Samantalang siya, mukhang batang yagit.*

*Hindi siya maganda. Masyadong sensitive ang balat niya at parating nagkakabutlig at sugat. Mahirap ding ayusin ang kulot at buhaghag niyang buhok. Weird din ang turing sa kanya lalo na noong uwak ang dalhin niya sa 'Bring Your Pet Day'.*

*Lumapit siya sa grupo ng mga kaklaseng lalaki kung saan naringgan niyang may bumanggit ng salitang 'mangkukulam' habang halakhakan nang halakhakan ang mga ito. Malamang siya ang tinutukoy.*

*Sa totoo lang, kasali siya sa napakaraming babae sa school na iyon na may crush kay Warren. Bukod kasi sa cute ito, matalino rin ang kaklase kahit di mag-effort. Sobrang cool pa.*

*At kahit ngayong maluha-luha si Coco sa inis, pagkapahiya at sakit, inamin niya sa sariling gusto pa rin niya ito.*

*Mangkukulam pala, ah. Puwes, pangangatawanan na niya.*

*"Warren Benitez!" malakas niyang tawag.*

*Napahinto ang grupo sa pagtatawa at napatingin sa kanya. Sa pamimilog ng mga mata ng mga ito, mukhang effective ang ginawa niyang panlilisik ng*

*mga mata. Sa kapal ba naman ng kilay niya, ewan na lang kung hindi siya magmukhang nakakatakot.*

*Natakot nga ang mga buwisit. Puwes, itotodo na niya.*

*Itinaas niya ang mga kamay sa ere na parang tumatawag ng lahat ng puwersa sa kalawakan. "Sinusumpa ko, walang babaeng magmamahal sa 'yo nang totoo. Lahat ng mamahalin mong babae ay magmamahal ng iba. Maiiwan kang mag-isa at hindi ka magiging masaya kahit kailan! Sinusumpa ko!" Nagsalita siya ng kung anong salita na wala namang wawa. Imbento niya lang para kunwari ay marunong siyang mag-Latin.*

*Eksakto namang noon biglang kumulog sa labas ng classroom. Sinundan iyon ng malakas na buhos ng ulan.*

*Napatalon sa gulat ang mga bully at nagtakbuhan palayo sa kanya.*

*Coco smiled. Tumingala siya para magpasalamat sa langit para sa coincidence. Nagmukhang makatotohanan ang bluff niya dahil sa kulog at ulan na iyon.*

*Pagkatapos, walang anumang bumalik siya sa kanyang upuan at nagbasa ng libro.*

Mula noon, parati na silang magkaaway ni Warren. Lahat na lang ay pinagtatalunan nila. To her, it was more of a defense mechanism. Alam niyang

hindi siya nito gusto kaya nagpanggap na lang siyang hindi rin niya ito gusto.

Mula rin noon, wala nang nang-bully kay Coco. Wala nang nangunguha ng baon niya, nanghihila ng buhok, nangpapatid, nang-iinsulto. Takot lang ng mga iyon na masumpa rin niya.

Wala siyang pinagsabihan ng totoo at hinayaan ang mga itong mag-isip na totoong marunong siyang gumawa ng sumpa at kulam. Nakabuti sa kanya ang reputasyong iyon noon, pero ngayon, gusto niyang manapak sa inis.

How could Warren think that she's really a witch? Itong ganda niyang ito? Hindi ba nito alam na kinukuha siyang model ng isang skin care clinic at muntik na ngang ituloy iyon kung hindi lang nagkasakit ang lola niya at kinailangan niyang sumunod dito sa Siquijor para alagaan ang matanda? Hmph!

Buong araw na mainit ang ulo ni Coco dahil sa nangyaring iyon kanina sa bahay niya. At hanggang ngayong hapon na at nandoon siya sa paborito niyang de-stressing place, inis pa rin ang dalaga.

Huminga siya nang malalim at bumuga. Nag-floating siya habang nakatitig sa mga punong halos naging bubong ng batis.

"S'abi ko nga ba, ikaw 'yun."

Napapitlag na lumubog si Coco sa tubig

pagkarinig sa boses. Agad siyang inabot sa baywang ng dalawang malalakas na kamay bago pa siya mas lumubog pa.

Hinihingal na pinalis niya palayo ang buhok na tumabon sa mukha niya.

"Ano ba…" asik niya pero nakulong sa lalamunan ang sasabihin pa niya nang makitang nakatitig sa kanya si Warren—na nakahubad at hantad sa kanya ang matikas at matigas na mga balikat, mga braso at ang dibdib na kinapapatungan ng mga palad niya ngayon. Kung mas mababaw pa siguro ang tubig sa kinapupuwestuhan nila, baka naaninag niya ang tiyan nito.

Pagkatapos, iyong expression pa nito sa mukha ay para bang hindi ito makapaniwala sa nakikita. Pakiramdam niya ay may steam na nakapalibot sa kanila sa init na nararamdaman niya.

"When I saw you here yesterday, I thought you were a water nymph," anas nito sa seksing boses habang di mapuknat ang titig sa kanya.

Naalala ni Coco iyong lalaking bigla na lang kumaripas nang nakaraang araw matapos niyang lingunin.

"Ikaw 'yun?" Hindi niya napansing halos inianas na niya ang mga salita.

Parang nagkaapoy sa mga mata ng kaharap at humigpit ang kapit sa baywang niya. "F*ck!"

Tumaas ang isang kamay nito at parang di makapaniwalang hinaplos ng hinlalaki ang pisngi niya. Kumabog ang dibdib ni Coco.

Umiksi ang kanyang hininga at nagsimula siyang pag-initan ng mukha. Ramdam niya sa ilalim ng kanyang palad ang mabilis na tibok ng puso ng kaharap.

Naramdaman niyang dumiin ang palad nitong nasa likod niya. Nangatog ang mga tuhod niya. Naging putol-putol ang bugso ng kanyang hininga. Bumigat ang mga talukap ng kanyang mata habang nakatingin sa lalaking nakatutok ang paningin sa mga labi niya. Napansin niyang lumiliit ang espasyo sa pagitan ng mga mukha nila.

Tuluyan siyang pumikit; hinintay ang pagdampi ng mga labi nitong parang ang lambot-lambot.

"F*ck!" ulit ni Warren sa ibang tono naman bago siya binitiwan at medyo nilayuan.

Dumilat siya at pinanood ito habang parang hindi alam ang gagawin na napakamot sa ulo at inihilamos sa mukha ang isang kamay.

Kumilos si Coco para tunguhin ang pampang. Kailangan niyang umupo. Nanlambot siya sa disappointment na tumama sa kanya.

Sumunod ito at inalalayan siyang lumakad sa batuhan. "I'm sorry sa nangyari kanina. I didn't mean to offend you or anything."

Noong una, inisip niyang para sa naudlot na halik ang apology nito bago niya naintindihan na para iyon sa hiniling nito na alisin niya ang sumpa rito. Tunog-sincere naman ang lalaki kaya hindi na siya nagalit.

Napabuntong-hininga siya. Mahirap na sigurong baguhin ang opinion nito sa kanya. Saka na lang siguro siya magpapaliwanag.

"Nagkakape ka ba kahit lampas four pm na?" sa halip ay tanong ni Coco.

Mukhang nalitong pinagmasdan siya ng kaharap.

"Well, si Cristal kasi, 'yung assistant ko, hindi umiinom ng kape from four pm onwards. Hindi daw kasi siya makatulog kinagabihan. Ikaw? Aayain sana kitang magkape or tea ngayon. Malapit lang dito."

Mabagal itong ngumiti, at sus ginoo! Ang puso niya, parang na-possess na nagwala bigla.

"Sure," sambit nito.

Halos sabay silang lumangoy patungo sa direksyon ng pinaglagyan nila ng mga gamit na magkatabi lang pala.

Tinuyo lang ng dalaga nang kaunti ang sarili at nagsuot na ng malaking hoodie sa ibabaw ng basa pa rin niyang tank. Nilingon niya si Warren at parang may bumara sa lalamunan niya pagkakita sa six-pack nito bago iyon natakpan ng tuyong t-shirt nito.

"Hey, eyes up here," panggagaya nito sa sinabi

niya kaninang umaga.

Awtomatikong tumaas ang tingin ni Coco sa mukha nito at nakita niya ang kapilyuhang nagsasayaw sa mga mata ng lalaki. Umirap siya kahit nag-iinit ang mga pisngi.

"Tara na?" untag nito.

Tumalikod lang siya at hinayaang sumunod ito.

Mayamaya ay nasa daan na sila at naghihintay ng masasakyan nitong tricycle.

"Umangkas ka na lang sa 'kin," sambit ni Coco.

Nilingon siya ng lalaki at pinagmasdan siya ng mga mata nitong may pilyong kinang na naman. "Are you sure?"

She rolled her eyes and moved to ride her scooter. "Tara na."

"Okay, kung mapilit ka." Dinig na dinig niya ang amusement sa tono ni Warren, pero hindi na nagkomento.

Pumuwesto ito sa likuran niya at... my goodness! Para siyang nakulong sa mahahaba nitong biyas. Ramdam niya ang init na ibinubuga ng balat nito at langhap ang amoy ng t-shirt nito.

Humugot siya ng hininga. Pucha, attracted yata siya sa childhood crush niya. Pa rin.

"Ready?"

"Uh-huh." Hindi nito iniyakap sa kanya ang kamay so in-assume niya, nakahawak ito sa bakal

sa likuran ng inuupuan nito.

Pinaandar na niya ang scooter sa normal na bilis. Gusto sana niyang bagalan para mas matagal niyang maramdaman na kadikit niya si Warren. Pero nahihiya naman siya kung mapansin iyon ng lalaki.

Ilang minuto lang ay naroon na sila sa café ni Bruce.

"Bibili lang tayo ng makakain t'as d'un tayo sa bahay mag-uusap," sabi niya pagkaparada. "Tara lets."

Hinila niya ito sa braso papasok ng café dahil ang bagal nitong maglakad at parang balak pang magtingin-tingin sa paligid.

Naudlot ang ngiti ni Bruce pagkakita sa kanya at sa kasama niya. Agad itong pumasok sa office nito. Lihim naman siyang nagdiwang.

Nilingon niya si Warren pagkalapit sa counter. "Ano'ng sa 'yo?"

Binanggit nito ang order sa cashier na biglang nag-blush. Lintsak! Nadagdagan pa yata silang naloloko sa lalaking ito.

"I had six ex-girlfriends. Lahat sila'y sineryoso ko. Pero lahat sila ay nakipag-break sa akin at iisa ang rason: they met someone new and realized that what we had is not love." He deeply sighed. "I swear hindi ako naniniwala sa mga kulam o sa sumpa or

anything like that. Pakiramdam ko kasi sa panahon ngayon, hindi na makaka-survive ang mga ganoon. Pero kung ikaw kasi ako, at naranasan mo lahat ng naranasan ko, baka maniwala ka rin."

Wish lang talaga niya na-touch si Coco sa kuwento niya at bawiin na ang sumpa.

Nilingon ni Warren ang dalaga. Nakapag-shower na ito at nakapagpalit ng damit. Siya naman ay pinahiram nito ng t-shirt saka shorts. Eksakto lang ang laki niyon sa kanya kaya sigurado siyang maluwag iyon sa dalaga. Ewan kung kanino.

He could swear hers was the most beautiful face that he had ever seen this close in his whole life. Kung mayroon man siyang nakitang mas maganda, artista na iyon o kaya modelo. Pero iyong pinakamagandang babaeng nakilala niya… nakalapit nang ganito, si Coco iyon talaga.

Hindi niya tuloy masisisi ang mga lalaki sa lugar na iyon na nagkakandarapa sa katitingin dito.

Paanong iyong mukhang bruha na classmate niya noong elementary ay magmumukhang diwata/anghel/nymph pagtanda?

*Oh adolescence, you naughty you!*

Hindi naman ito mukhang nagparetoke; parang pumayat lang, naging tuwid ang buhok, numipis ang mga kilay, kuminis ang balat.

At itong parehong babaeng kaaway niya noon ay

iyong gustong-gusto niyang halikan ngayon.

Abut-abot ang pagpipigil niya sa sarili kanina noong naroon sila sa falls. His mind tortured him with images of her under him, writhing in pleasure, screaming his name. It was a miracle that he was able to walk properly right after.

At habang halos yakap ito noong nakasakay sila sa scooter nito, pigil-pigil niyang mapadikit dito masyado. Baka kasi malaman pa nito kung gaano nito naapektuhan ang katawan niya at lalo pa itong magalit. Gayunpaman, panay ang pasimpleng singhot niya sa buhok nitong mabango pa rin kahit hindi naman ito nag-shampoo sa talon.

At habang naroon sila sa cafe, napansin niyang malapit ito sa mga staff. Nakikipagbiruan pa nga. Kay Bruce lang talaga ito medyo masungit.

Kada matitigan niya ang mukha nito, hindi niya alam kung paanong kontrol sa sarili ang kanyang gagawin. Gusto niya itong hawakan, halikan, mahalin… magdamag.

Umiling si Warren at pinalis ang ideyang iyon. Mahirap na, kasi baka kasama sa powers ni Coco ang pagbabasa ng utak ng tao at hindi na siya nito alisin sa ilalim ng sumpa kapag nalaman ang licentious na mga bagay na gusto niyang gawin dito.

"Kaya mo bang i-reverse 'yung sumpa?" halos manikluhod na sabi niya. "I'd do anything—kahit

ipagsalok kita ng tubig, ipagsibak ng kahoy, patawarin mo lang ako."

"Bakit ko ipapagawa 'yun sa 'yo, may Nawasa naman dito at gas range?" irap nito.

Napakamot siya sa batok. "Utusan mo na lang ako ng kahit ano, humingi ng kahit ano. Basta mapagbayaran ko lang iyong mga kasalanan ko sa 'yo noon."

"Kahit ano, ah." Uminom ito ng kape habang nakatutok sa kanya ang itim na mga mata. Did he mention her pupils were black, the irises were one shade lighter? Nakakatakot iyon para sa kanya noong nasa elementary sila, pero ngayon, he was amazed by those.

"Hanggang kailan ka rito sa Siquijor?" untag ng dalaga mayamaya, pinutol ang pag-i-imagine niya sa kung anong magiging kulay ng mga mata nito kapag aroused. Magiging lighter kaya o darker?

Hinamig niya ang sarili. Hindi siya pervert, promise. Hindi lang talaga niya mapigil ang ganitong mga ideya kapag si Coco na ang concerned. Baka nga enchantress talaga ito.

Kumunot ang kanyang noo nang ma-realize sa wakas ang tanong nito. "Four days lang ang nai-file kong leave, pero puwede 'kong tumawag kung kailangan kong mag-extend." He co-owned the company where he worked, at hindi naman siya

madalas magbakasyon, kaya puwede talaga niyang gawin iyon.

Bumuntong-hininga ang kaharap. "Okay. Let's make a deal. Aalisin ko ang sumpa sa 'yo..." Inihang nito ang mga salita sa ere saka dinugtungan, "sa isang kondisyon."

Napalunok si Warren at parang mahihimatay sa suspense na naghintay sa susunod nitong sasabihin.

Huwag naman sana nitong hingin ang kanyang magiging unang anak sa babaeng makakatuluyan niya.